DAVID SUZUKI FOUNDATION One nature. | FONDATION DAVID SUZUKI Un monde. Une nature.

# Pagpapahayag ng Pakikipagkalinga

David Suzuki Foundation

## ITO ANG ATING NALALAMAN

Tayo ay ang kalupaan, sa mga halamanan at kahayupan na nagbibigay-sigla sa atin.
Tayo ay ang mga ulan at mga karagatan na dumadaloy sa ating mga ugat.
Tayo ay ang hininga ng mga kagubatan sa lupa, at ng mga halaman ng dagat.
Tayo ay makataong hayop, nakaugnay sa ibang kabuhayan na nagmula sa sinaunang punlay.
Tayo ay nakikibahagi sa nagiisang kasaysayang nakaukit sa ating kalikasan.
Tayo ay nakikibahagi sa nagiisang kasalukuyang napupuno ng pagaalinlangan.
At tayo ay nakikibahagi sa nagiisang kinabukasang hindi pa naaaninag.
Tayong sangkatauhan ay isa sa mga labin-tatlong milyong uri ng kabuhayan na
naghahabi ng manipis na susow ng buhay na pumapalibot sa daigdig.
Ang katatagan ng pamayanan ng sangkabuhayan ay nakasalalay sa pagkakaiba-iba.
Kasangkot sa habihang iyon, tayo ay magkakaugnay—gumagamit, naglilinis, nakikibahagi
at napupunuang-muli ang mga pangunahing sangkap ng buhay.
May hangganan ang ating tahanan, ang sandaigdigan; lahat ng nabubuhay rito ay nakikibahagi sa
kanyang kayamanan ng kalikasan at ng lakas mula sa araw, kaya may hanganan rin ang paglaki.
Sa unang pagkakataon, ating nahipuan ang yaong hangganan.
Kapag ating ipininsala ang himpapawid, ang tubig, ang lupa at ng pagkakaiba-iba ng buhay, nagnanakaw
tayo sa kinabukasang walang hanggan upang pagsilbihan ang panandaliang kasalukuyan.

## ITO ANG ATING PINANINIWALAAN

Higit na dumarami ang sangkatauhan at napakamakapangyarihan ang ating mga kagamitan na
tuluyan na nating nalipol ang ating mga kapwa-nilalang, napilapil ang mga malalaking ilog, tinigbak ang
mga sinaunang kagubatan, nilason ang kalupaan, ulan at hangin, at sadyang binutasan ang kalangitan.
Nagdulot ng kirot pati na rin ang kagalakan ang ating agham; binayaran ng
pagdurusa ng milyong-milyon ang ating kaginhawaan.
Natututo tayo sa ating mga pagkakamali, ipinagluluksa natin ang mga nawala sa
atin, at tayo ngayon ay bumubuo ng makabagong pulitika ng pag-asa.
Ating ginagalang at pinagtitibay ang lubos na pangangailangan ng malinis na hangin, tubig at lupa.
Nakikita natin na mali ang mga gawaing pang-ekonomiya na iilan lang ang
nakikinabang samantalang lumiliit ang pamana ng marami.
At dahil binababagbag ng pagkarawal ng kapaligiran ang kasaganahan ng kalikasan magpakailanman,
ang buong gastos na ekolohiya at panlipunan ay kinakailangang maging bahagi ng pagsulong.
Tayo ay isang sandaliang henerasyon sa mahabang pagdaan ng panahon; hindi atin ang kinabukasan upang ibura.
Kaya kung saan may hangganan ang karunungan, ating alalahanin ang lahat
ng lalakad pagkatapos natin, at magkamali ng may pag-iingat.

## ITO ANG ATING PAGPASYAHAN

Kinakailangang maging batayan ng pamamaraan ng ating kabuhayan ang lahat ng ating nalalaman at pinaniniwalaan.

Sa sandaling-pihit ng ating ugnayan sa sandaigdigan, susulong tayo sa pagbabago: mula sa pananaig sa pagaanib-anib; mula sa paghiwahiwalay sa pakikipagugnayan; mula sa kawalan ng kapanatagan sa pakikipagkalinga.